

# Kumikilos Bilang Tagapangalaga (Trustee) Para sa Isang Nasa Hustong Gulang na May Kapansanan

## ANO ANG ISANG TRUST O PONDONG IPINAGKATIWALA?

Ang trust ay isang legal na ugnayan sa pagitan ng tatlong partido: ang *settlor* na nagse-set up ng trust sa pamamagitan ng testamento o dokumento ng trust, nag-aambag ng assets (o mga ari-arian at kayamanan) sa trust, nagtatakda ng mga tagubilin kung sino ang mga benipisyaryo ng assets at kung paano ito gagamitin o pamamahalaan; ang *tagapangalaga* ay ini-appoint upang pamahalaan at pangasiwaan ang assets na nasa trust. Ang isang trust ay maaaring likhain sa pamamagitan ng testamento ng isang tao (isang “ipinamanang trust”) o isang dokumento ng trust na ginawa ng isang tao upang magkaroon ng bisa habang buháy siya (isang “*inter vivos*” na trust).

## ANO ANG ISANG TAGAPANGALAGA?

Ang isang tagapangalaga ay isang taong ini-appoint upang magpatupad ng mga tuntunin (terms) ng trust. Ang tungkulin ng isang tagapangalaga ay hindi kapareho ng tungkulin ng isang tagapagpatupad (executor) ngunit, sa maraming mga pagkakataon, ang taong ito ay maaaring saklawin ang parehong posisyon. Kinakailangan ng isang tagapangalaga upang pamahalaan ang assets ng trust ayon sa mga tagubilin na nasa dokumento ng trust at kinakailangan lamang gamitin ang assets para sa benepisy ng mga benipisyaryo. Ang isang third party ay hindi karapat-dapat na makinabang mula sa trust maliban kung ispesipikong itinakda sa dokumento ng trust.

## TUNGKULIN NG ISANG TAGAPANGALAGA

Ang isang tagapangalaga ay pinapatnubayan ng mga tagubilin sa dokumento ng trust, ng *Trustee Act* at mga desisyon ng hukuman. Ang pangunahing tungkulin ng isang tagapangalaga ay sundin ang mga tuntunin ng dokumento ng trust, pamahalaan at pangasiwaan ang assets ng trust para sa kapakinabangan ng mga benipisyaryo. Ang isang tagapangalaga ay kinakailangan gamitin ang lubusang pag-iingat sa pamamahala ng mga asset, at dapat laging kumilos sa pinakamabuting interes ng mga benipisyaryo.

Sa isang pribadong trust na itinatag para sa benepisy ng pamilya o mga kaibigan ng settlor, ang tagapangalaga ay walang obligasyon na ibunyag ang pagkakaroon ng trust o anumang impormasyon na may kaugnayan sa trust sa sinumang tao bukod sa settlor, mga benipisyaryo at kanilang legal na kinatawan, maliban sa pagsunod sa mga pangangailangan ng batas ng pagbubuwis, ng hukuman o ng Public Guardian and Trustee (PGT). Ang isang tagapangalaga ang mananagot para sa ari-arian na pinangangasiwaan sa ngalan ng benipisyaryo. Dahil dito, dapat panatilihin ng isang tagapangalaga ang isang talaan ng lahat ng mga transaksyon na kanyang ginagawa.



PUBLIC GUARDIAN  
AND TRUSTEE OF  
BRITISH COLUMBIA

Dapat na ipunin ng tagapangalaga ang lahat ng financial statements na nagdedetalye ng kinita ng trust, gaya ng talaan ng lahat ng nagastos mula sa kita o puhunan ng trust. (Ang orihinal na assets ng trust gayundin ang anumang mga nadagdag na kita mula sa assets na ito ay tinatawag na puhunan o kapital; ang kita ay ang perang kinita mula sa puhunan.)

Ang mga talaan na pinapanatili ng isang tagapangalaga ay tinatawag na accounts. Ang isang tagapangalaga ay obligado ayon sa *Trustee Act* na humingi ng pag-apruba ng kanyang mga account mula sa Korte Suprema ng British Columbia sa loob ng dalawang taon pagkatapos niyang ma-appoint maliban kung i-waive ng mga benipisyaryo.

Ang pamamaraang ito ay tinatawag na “passing of accounts” (o pag-apruba ng hukuman ng accounts). Ang mga benipisyaryo ng trust, o ang kanilang legal na tagapag-alaga (guardians) o mga committee, ay may karapatang humiling at tumanggap ng isang kopya ng mga account ng tagapangalaga sa **anumang oras**. Ang PGT ay may awtoridad na humiling ng accounting kapag nagsisiyasat ng mga pag-aalala kaugnay ng pamamahala ng isang trust.

Kinakailangan ng isang tagapangalaga na magbayad ng buwis (tax returns) sa ngalan ng trust kada taon. Inirerekomenda ng PGT na humingi kayo ng payo sa isang abogado o accountant kapag naghahanda sa pagbabayad ng buwis ng isang trust.

Kapag ang isang tagapangalaga ay may mabuting pagpapasya (discretion), dapat niyang isaalang-alang ang mga sumusunod kapag gumagawa ng desisyon kung magbibigay ng benepisyo sa sinumang benipisyaryo:

- ang mga ispesipikong term ng trust;
- kasalukuyang sitwasyon ng benipisyaryo;
- kung ang benipisyaryo ay nakakatanggap ng iba pang mga benepisyo na maaaring maapektuhan;
- ang kakayahang pinansyal ng trust na suportahan ang mga benepisyo;
- anumang mga posibleng konsikwensya ng buwis sa trust at sa benipisyaryo; at
- anumang mga potensyal na epekto sa ibang mga benipisyaryo.

Isang mahalagang pangkalahatang prinsipyo ng pangangasiwa ng trust ay ang tinatawag na “even hand rule” (o pantay-pantay na pagtrato), kung saan kinakailangang timbangin ng tagapangalaga ang mga karapatan at interes ng **lahat ng mga benipisyaryo** ng trust at kumilos nang walang kinikilingan. Ang ilang mga dokumento ng trust sa partikular ay hindi gumagamit ng “even hand rule”.

## KANINONG ARI-ARIAN ITO?

Ang pera o iba pang mga ari-arian na pinangangasiwaan ng tagapangalaga ay pag-aari ng trust, na gagamitin para sa kapakinabangan ng lahat ng mga benipisyaryo at hindi para sa kapakinabangan ng tagapangalaga. Hindi maaaring personal na kumita ang tagapangalaga mula sa assets ng trust, maliban kung para sa makatwirang kabayaran na pinahintulutan ng hukuman. Ang tagapangalaga ay hindi maaaring manghiram mula sa assets.

## SAAN AT PAANO DAPAT NA HINAHAWAKAN NG TAGAPANGALAGA ANG ASSETS NG TRUST?

Ang tagapangalaga ay dapat panatilihin nakahiwalay ang kanyang mga sariling ari-arian sa assets. Dahil dito, ang tagapangalaga ay dapat mayroong isang hiwalay na account para sa anumang pera ng trust. Ang mga cash asset ay hindi maaaring ideposito sa personal account ng tagapangalaga, o sa isang joint account na kung saan ay kasama ang isang benipisyaryo. Hindi dapat pagsamahin ng tagapangalaga ang kanyang personal na pondo sa mga pondo ng trust. Walang ibang tao maliban sa tagapangalaga ang mayroong awtoridad na pumirma para sa trust account.

Dapat ay may nakahiwalay na account para sa bawat trust na nilikha sa ilalim ng dokumento maliban kung may ibang nakasaad sa testamento. Ang anumang mga pangunahing bangko, credit union o trust company ay maaaring makatulong sa tagapangalaga sa pagse-set up ng trust account. Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong pinansyal na institusyon upang malaman kung ano ang mga kinakailangan para mag-set up ng trust.

## ANONG MGA PAMUMUHUNAN O INVESTMENTS ANG MAAARING GAWIN NG TAGAPANGALAGA?

Dapat ilaan ng tagapangalaga ang pera para sa pamumuhunan na alinsunod sa nakasaad sa dokumento ng trust. Kapag hindi tinukoy sa dokumento ng trust kung paano gagamitin ang pera sa pamumuhunan, dapat sundin ng tagapangalaga ang mga panuntunan para sa pamumuhunan na ibinalangkas sa seksyon 15.1 hanggang 15.5 ng Trustee Act. Ang isang tagapangalaga ay kinakailangang maingat na kumilos, may kasanayan, masigasig at magpasya na tulad ng isang “masinop na namumuhunan” kapag gumagawa ng mga desisyon sa investment. Ang tagapangalaga ay kinakailangang magbuo ng plano sa pamumuhunan o mga istrategiya at dapat na nakasulat ang mga ito. Ang isang tagapangalagang nagpapasya nang pabigla-bigla sa mga investment ay maaaring personal na managot para sa anumang pagkalugi sa trust property at maaaring magbayad para sa anumang nawala sa trust.

Dapat na humingi ng payo ang isang tagapangalaga kapag namumuhunan ng trust property. Ang ilang mga pamantayan na maaaring isaalang-alang upang pagpasyahan ang isang mahusay na pamumuhunan ay ang mga sumusunod:

- pagsasagawa ng isang balanseng istrategiya sa pamumuhunan;
- pagprotekta sa kapital at dapat na kumikita ito;
- pagpili ng naangkop na “risk and return” na mga layunin;
- pagkakaroon ng iba’t ibang uri ng mga makatwirang pamumuhunan;
- maingat sa pagbibigay ng awtoridad sa mga ahente, at
- pagkakaroon lamang ng makatuwiran at naaangkop na mga gastos.

## MAAARI BANG MA-ACCESS NG TAGAPANGALAGA ANG PUHUNAN O KAPITAL NG TRUST?

Dapat pumatnubay sa tagapangalaga ang dokumento ng trust kapag nagpapasya kung gagamitin o hindi ang kapital ng trust para sa isang benipisyaryo. Kung hindi ito pinahihintulutan ng

dokumento ng trust, hindi maaaring gamitin ang pondo. Maaaring nakasaad sa dokumento ng trust na ang tagapangalaga, sa kanyang mabuting pagpapasya, ay pwedeng gamitin ang kita ng trust o kapital nito kung sa tingin niya ay kinakailangan ng benipisyaryo.

Maaaring ilista sa dokumento ng trust ang mga ispesipikong dahilan kung saan maaaring magbayad ang tagapangalaga ng kita at kapital. Kung hindi nakatitiyak ang tagapangalaga kung ano ang mabuting pasya o kung pwedeng gamitin ang kapital, dapat na humingi ng payo sa isang abogado.

## **KANINO MAAARING MAGLABAS NG PONDO ANG ISANG TAGAPANGALAGA?**

Maaaring maglabas lamang ng pera sa ikatlong partido sa mga sumusunod na pagkakataon:

- sa mga taong nagbibigay ng mga produkto o serbisyo para sa mga benipisyaryo;
- kapag kinakailangan ng batas;
- sa isang taong may legal na awtoridad upang kumatawan sa benipisyaryo ng trust (power of attorney, legal na tagapag-alaga, committee, kinatawan); o
- para sa mga makatuwirang gastos ng trust.

Ang isang tagapangalaga ay personal na mananagot para sa anumang pagkalugi sa trust na mula sa hindi tama o hindi awtorisadong paglalabas ng assets sa hindi naaangkop na tao. Kapag ang tagapangalaga ay hindi nakatitiyak kung maglalabas ng mga pondo sa isang tao maliban sa mga nakalista, dapat na humingi siya ng payo sa isang abogado.

## **MAAAPEKTUHAN BA ANG MGA BENEPISYO NG MAY KAPANSANAN (DISABILITY BENEFITS) KAPAG ANG ISANG TAO AY BENIPISYARYO NG ISANG TRUST?**

Para sa pangprobinsiyang benepisyo para sa mga may kapansanan, ito ay depende sa patakaran ng probinsiya at sa pagpapasya ng tagapangalaga kung paano gagastusin ang mga pondo. Kung ang trust ay discretionary, ang mga benepisyo sa ilalim ng *Employment and Assistance for Persons with Disabilities Act in BC (Batas para sa Pagtatrabaho at Pagtulong sa Mga Taong May Kapansanan)* ay karaniwang hindi maaapektuhan kapag sinusunod ang mga alituntunin ng probinsiya.

Para sa iba pang uri ng mga benepisyo para sa may kapansanan (halimbawa, mga pampederal na benepisyo para sa may kapansanan, benepisyo mula sa insurance, pribadong pangmatagalan na benepisyo para sa may kapansanan at katulad nito), maaaring may mga restriction na nakasaad kung ano ang maaaring matanggap ng benipisyaryo mula sa trust. Mangyaring kontakin ang source /administrator ng benepisyo para sa mga may kapansanan upang malaman kung paano ang kanilang mga benepisyo ay maaaring maaapektuhan.

## GAANO KATAGAL ANG SAKLAW NG ISANG TRUST?

Ang trust ay tumatagal hanggang sa panahon na itinakda sa dokumento ng trust o hanggang sa ang mga pondo ay naubos na.

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

Upang makakuha ng kopya ng *Trustee Act*, bisitahin ang Crown Publications sa: [www.bclaws.ca](http://www.bclaws.ca). Para sa tulong sa pagkuha ng legal na payo tumawag sa Canadian Bar Association's Lawyer Referral Service sa 604.687.3221 or 1.800.663.1919 (matatawagan nang libre sa mga karatig ng Lower Mainland). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PGT, mangyaring bisitahin ang aming website sa [www.trustee.bc.ca](http://www.trustee.bc.ca) sa pamamagitan ng pag-scan sa simbolo sa ibaba o kontakin kami sa:

### Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

#### Greater Vancouver Regional Office

✉ 700-808 West Hastings Street  
Vancouver, BC V6C 3L3

☎ Telepono 604.775.1001

📠 Fax 604.660.9498

@ Email [STA@trustee.bc.ca](mailto:STA@trustee.bc.ca)

#### Interior-North Regional Office

✉ 1345 St. Paul Street  
Kelowna, BC V1Y 2E2

☎ Telepono 250.712.7576

📠 Fax 250.712.7578

@ Email [STA@trustee.bc.ca](mailto:STA@trustee.bc.ca)

#### Vancouver Island Regional Office

✉ 1215 Broad Street  
Victoria, BC V8W 2A4

☎ Telepono 250.356.8160

📠 Fax 250.356.7442

@ Email [STA@trustee.bc.ca](mailto:STA@trustee.bc.ca)

🕒 Oras ng Trabaho sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am - 4:30pm

#### Matatawagan nang libre o toll free

Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (tingnan ang nasa ibaba) hilingin na maikunekta sa Public Guardian and Trustee.

☎ Vancouver 604.660.2421

☎ Victoria 250.387.6121

☎ Mga Karatig ng BC 1.800.663.7867

